

1. Tungkol sa mga parke sa Tochigi City

Alam mo bang maraming parke sa Tochigi City?

Sa katunayan, mayroong kabuuang 316 na mga parke, mula sa maliliit hanggang sa malalaki nito ang lungsod. Ngunit dahil sa pandemya dulot ng Covid19 ang karamihan ay nananatili lamang sa kanilang mga bahay dahil sa takot na mahawaan.

Bakit hindi tayo lumabas minsan at pumunta sa isang parke upang i-refresh ang ating isip at katawan sa panahon ngayon.

At upang gabayan kayo kung saan ang malapit na parke sa inyo ay ibibigay namin ang mga sumusunod na mga mungkahi para sa pagpunta sa mga parke.

Una ay ang Ohira Sports Park sa Ohira machi. Ito ay isang malaking parke na may baseball field na may artipisyal na damuhan. Sa panahon ng tag-init ay pwedeng maglaro ang mga bata at magtampisaw sa fountain at patubigan nito upang maibsan ang masyadong mainit na panahon.

Ang susunod naman ay kung gusto mo ng magandang tanawin ay ang Nature's Park ng Ohira Mountain ang puntahan. Magandang Cherry Blossoms sa Tag-sibol, bulaklak naman ng Hydrangeas sa unang bahagi ng tag-init at ang pagpapalit ng kulay ng mga dahon sa tag-lagas. Ito ay mapagmamasdan lahat sa taas ng bundok na ito. Kung maganda at maaliwalas ang panahon ay makikita rito ang Mount Fuji at pati na rin ang Tokyo Sky Tree.

Kung ikaw ay nasa kalagitnaan ng lungsod ay nandiyan ang Daini Koen na malapit sa Shinmeiwa Shrine. Mayroon itong fountain sa gitna ng malaking japanese garden. Napakaganda ng lugar na ito lalo na sa panahon ng pamumulaklak ng sakura o cherry blossoms.

Kung gusto mo naman magpalipas ng weekend kasama ang iyong

pamilya, pwede kayong magpunta sa Tsuga no Sato Family Park at Nagano Kawa Green Park sa Tsuga Machi. Mayroon itong palaruan sa mga bata at pwedeng magpalakad ng alaga nating aso sa Nagano Kawa Green Park.

Bukod pa sa mga ito ay marami pa ring magagandang mga parke malapit sa inyo kaya pasyalan natin ang mga ito.

Sa pagpunta sa mga parke ay hiniling hindi lamang na pairalin ang disiplina at pagsunod sa mga alituntunin kungdi pati na rin ang social distancing upang makaiwas sa nakakahawang sakit.

2. Tungkol sa Pagdebelop ng mga Pasilidad sa Paligid ng North Exit ng Tochigi Station.

Ang lugar sa paligid ng North Exit ng istasyon ng tren ng Tochigi ay kasalukuyang dinedebelop alinsunod sa Tochigi City Civic Core Priority Development Plan.

Mula ng itinayo ang Gakuyukan HighSchool noong taong 2003 ay matagal ng panahon na hindi masyadong nadebelop ang bahaging ito ng lungsod kung kaya noong 2018 ay inumpisahan ang pagpapatayo ng Tochigi Regional Government Office at nakumpleto ito sa katapusan ng Mayo ngayong taon.

Ang Tochigi Tax Office at Hello Work o ang Employment Security Office na dati magkahiwalay na opisina ay pinagkaisa na sa gusaling ito at marami ng ang pumupunta at gumagamit ng kanilang serbisyo.

Sa kasalukuyan, isang pribadong kumpanya ang itinalagang magdebelop ng lugar na ito sa paligid ng North Exit ng Tochigi Station na kung saan itinatayo ang isang hotel, mga pamilihan, apartments at ang Tourist Information Center office ng lungsod.

Ang hotel at mga shops pati na rin ang nasabing Civic Center ay nakatak dang matapos sa Abril ng susunod na taon samantalang ang mga apartments naman ay sa Oktubre na parehong taon ng 2021 ang eskedyul nito.

Kapag natapos na ang pagpapatayo sa lahat ng mga pasilidad na mga ito ay inaasahang magtitipon-tipon ang maraming tao rito at sisigla na naman ang lungsod.

3. Tungkol sa isang Child-Rearing Support App ng Tochigi City ang “Sukusuku Navi”.

Inilunsad ng pamahalaan ng lungsod sa pamamagitan ng isang App ang “Tochigi City Sukusuku Navi” na kung saan ay nagbibigay daan upang pangasiwaan ang lahat ng bagay na tungkol sa pagpapalaki ng anak gaya ng eskedyul ng pagpapabakuna at iba pa.

Ang mga impormasyon na naitala tungkol sa pagbubuntis at panganganak ng ina, mga naging pag-susuri o medical check-ups sa ipinanganak na bata, mga eskedyul ng pagbabakuna at mga impormasyon din sa mga pagamutan na pwedeng puntahan at iba pang mga mahahalagang impormasyon sa pagpapalaki ng bata ay pwede ng makita sa ating mga smart phones.

Makakatanggap ng mga abiso sa pamamagitan ng e-mails galing sa lungsod kapag may malapit ng isagawang eskedyul ng pagpapabakuna at ganun din sa mga iba pang mga importanteng paala-ala.

Itinataguyod ito sa pamamagitan ng 16 na wika gaya ng Ingles, Chinese, Espanyol, Thai, Nepali, Vietnamese at Tagalog.

Upang magamit ang serbisyong ito ay pumunta lamang sa website ng lungsod at idownload ang QR code sa ating mga smart phones at magparehistro rito.

Ang App na ito ay hindi inilaan para palitan ang Mother and Child Health Handbook o “Boshitecho” kundi ito ay kapakipakinabang na pandagdag na kagamitan o tool sa nasabing handbook.

Sana ay gamitin natin ang App na ito.

4. Tungkol sa Exchange Program ng Tochigi JC's.

Ang Tochigi Junior Chamber o JC's ay magdadaraos ng isang event na kung saan ay inimitahan ang mga dayuhang mag-aaral at foreign trainees na maglagay ng palamuti sa mga ilalagak na lanterns sa Uzumagawa River. Ang mga lanterns na ito ay lalagyan ng drawings o pintura at iilawan sa loob ng isang linggo mula ika-14 ng Nobyembre hanggang sa ika-21 ng parehong buwan.

Upang maiwasan ang impeksyon dulot ng Covid19, ngayong taon ay minabuting hindi magdaos ng malakihang event ngunit isasagawa ang pagsindi ng may 400 na lanterns na pininturahan at nilagyan ng palamuti ng mga foreign students at trainees upang sa ganitong paraan man lang ay magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa kanila sa puso at damdamin.

Ang lugar ay ang kahabaang 200 metrong stretch sa pagitan ng Tokiwa at Yamato Bridges. Ito ay iilawan mula alas 7:00 hanggang alas 9:00 ng gabi.

Halina na at pagmasdan ang kamangha-manghang tanawin sa gabi sa panahong ito.